WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Introduksiyon

Ang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ay kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa, magsuri, at mag-ugnay ng mga akda sa kanilang karanasan at pananaw sa buhay. Gayunman, hamon ang pagpapaunlad nito dahil sa impluwensiya ng teknolohiya at banyagang kultura sa interes sa pagbabasa (Espinosa & Calisang, 2023), kakulangan ng angkop na metodolohiya sa pagtuturo (DepEd Division of Bataan, 2021), at limitadong pag-uugnay ng panitikan sa mga pagpapahalagang Pilipino (Andrade, 2023). Dahil dito, layunin ng pag-aaral na matukoy ang antas ng kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan batay sa pitong dimensiyon, masuri ang pagkakaiba nito ayon sa edad, kasarian, at lokasyon ng paaralan, at maunawaan ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagbabasa sa panahon ng digitalisasyon. Bilang mananaliksik, nilalayon kong gamitin ang mga natuklasan bilang batayan sa pagbuo ng mga estratehiya at programang angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa global na konteksto, iniulat ni Idowu (2023) sa Nigeria ang mababang pag-unawa at kritikal na pagsusuri sa panitikan, samantalang natukoy nina Wasilah et al. (2024) sa Indonesia ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa, bokabularyo, at pag-unawa sa pananaw ng may-akda. Gayundin, binigyang-diin nina Alshammari et al. (2020) sa Saudi Arabia ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagpapahalaga sa tekstong pampanitikan dahil sa komplikadong bokabularyo at estruktura.

Sa pambansang konteksto, natukoy ni Peñeda (2021) sa Leyte at Samar ang limitadong pag-unawa sa panitikan at paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo. Iniulat naman ni Dela Cruz (2026) sa Roxas City ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan, samantalang ipinakita ni Magulod (2018) na katamtaman lamang ang antas ng literary appreciation skills ng mga mag-aaral sa Cagayan Region.

Sa lokal na konteksto, iniulat nina Villarasa & Dipolog (2024) sa Davao Oriental ang mababang interes sa panitikang rehiyonal dahil sa kakulangan ng materyales at impluwensiya ng digitalisasyon. Natukoy naman nina Cabo & Sultan (2025) sa Davao del Sur ang mga hamon sa pagtuturo ng panitikan, samantalang binigyang-diin ni Arado (2019) sa Davao City ang mababang intrinsic reading engagement ng mga mag-aaral.

Nanatiling may puwang sa mga lokal na pag-aaral tungkol sa pagpapahalagang pampanitikan, partikular sa ugnayan ng mga dimensiyong kognitibo, emosyonal, at sosyo-kultural sa konteksto ng digitalisasyon sa mga pribadong paaralan sa Rehiyon XI. Limitado rin ang mga pananaliksik na gumamit ng *Convergent Mixed Method* upang pagsamahin ang estadistikal na datos at aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral (Magulod, 2018; Peñeda, 2021; Creswell & Plano Clark, 2018). Tinugunan ng kasalukuyang pag-aaral ang mga puwang na ito upang makapagbigay ng lokal na ebidensiya at batayan sa pagbuo ng angkop na estratehiya sa

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Magulod (2018), ang pagpapahalagang pampanitikan ay higit pa sa simpleng pag-unawa sa akda sapagkat kinapapalooban ito ng makabuluhang pag-unawa sa tema at pagbuo ng personal na pananaw hinggil sa estruktura ng akda.Kapwa binibigyang-halaga ng mga pag-aaral ang aktibong papel ng mambabasa sa pagbuo ng kahulugan.

Ang pagpapahalagang pampanitikan ay nangangailangan ng kaalaman sa mga elementong pampanitikan tulad ng simbolismo, tono, at pananaw ng may-akda (Culler, 2021). Ayon sa kanya, ang kakulangan sa ganitong kasanayan nagreresulta sa mababaw na pag-unawa sa akda at limitadong pagpapahalaga sa panitikan. Malinaw na hindi sapat ang personal na karanasan lamang at kinakailangan din ang pormal na kaalaman sa mga sangkap ng panitikan upang mapalalim ang pag-unawa.

Ang interes sa pagbabasa may direktang kaugnayan sa kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan (Guthrie at Klauda, 2021). Ang mga mag-aaral na may mababang motibasyon sa pagbasa kadalasang nahihirapang iugnay ang akda sa sariling karanasan. Natuklasan nina Erniwati et al., (2023) na maraming mag-aaral may mababang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan dahil sa kakulangan sa bokabularyo, inferensiya, at pagkilala sa pananaw ng may-akda. Ipinapakita nito na ang pundasyong kasanayan sa pagbasa kritikal sa paglinang ng literary appreciation.

Mababa ang antas ng pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral ang lumabas sa pag-aaral ni Idowu (2023) na kapag limitado ang kanilang partisipasyon at interaksiyon sa mga akdang pampanitikan. Ipinakita nina Wasilah et al., (2024) na ang kakulangan sa karanasan sa pagbabasa ng iba- ibang anyo ng panitikan pangunahing salik sa mababang *literary appreciation* ng mga mag-aaral. Ipinahayag nina Villarasa at Dipolog (2024) na ang kakulangan ng lokal at rehiyonal na akdang pampanitikan sa silid-aralan nakaapekto sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahalaga sa panitikan. Mas nagiging makabuluhan ang *literary appreciation* kapag nakaugnay ito sa kulturang kinagisnan ng mag-aaral.

2.2. Pananaw

Ang pananaw sa pagbasa ng akdang pampanitikan ay tumutukoy sa kakayahan ng mambabasa na makabuo ng sariling pag-unawa, interpretasyon, at pagpapahalaga batay sa teksto at sariling karanasan. Ayon kina Lived at Ridor-Unciano (2022), ang pag-unawa sa panitikan ay naiimpluwensiyahan ng dating kaalaman, personal na karanasan, damdamin, mga gawaing pampagkatuto, paggamit ng teknolohiya, at paggabay ng mga magulang. Ipinahihiwatig nito na ang *insight* ay nabubuo kapag nalalampasan ng mambabasa ang literal na pag-unawa at nakagagawa ng sariling interpretasyon. Kaugnay nito, ang *perspective taking* at personal na katangian ng mambabasa ay nakatutulong sa pagbuo ng kahulugan at pagpapahalaga sa binabasang akda.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Ang pag-aaral ay nakabatay sa pragmatismo bilang pangunahing pilosopikal na paradaym na nagbibigay-diin sa praktikal na paggamit ng kaalaman at pagpili ng angkop na pamamaraan sa pagsagot sa suliranin ng pananaliksik. Ayon kina Creswell (2008), Brierley (2017), at Creswell at Plano Clark (2018), ang pragmatismo ay angkop na batayan ng convergent mixed method dahil pinagsasama nito ang kwantitatibo at kwalitatibong datos upang makabuo ng komprehensibong pag-unawa sa isang penomenon. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang pamamaraang ito upang matukoy ang antas ng kasanayan at maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagpapahalagang pampanitikan sa panahon ng digitalisasyon.

Samantala, ginamit ding teoretikal na batayan ang Literary Response Theory o Reader-Response Criticism, na nagpapaliwanag na ang kahulugan ng akda ay nabubuo sa interaksiyon ng mambabasa at teksto. Ayon kay Rosenblatt (1994), mahalaga ang personal na karanasan, paniniwala, at emosyon ng mambabasa sa pagbuo ng kahulugan. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Iser (1978) na ginagamit ng mambabasa ang imahinasyon upang punan ang mga puwang sa teksto, kaya nagkakaroon ng iba't ibang interpretasyon (Tyson, 2014). Kaugnay nito, ginamit ang pitong dimensiyon ng Literary Response Questionnaire nina Miall at Kuiken (1995), na kinabibilangan ng Pananaw, Empatiya, Kalinawan ng Imahinasyon, Pagbabasa Bilang Libangan at Pagtakas, Pag-alala sa May-akda, Pagbabasang Nakatuon sa Kuwento, at Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan. Nagsilbi ang mga dimensiyong ito bilang panukat sa intelektuwal, emosyonal, at personal na pagtugon ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Sa kabuuan, ang pragmatismo ang gumabay sa pagpili ng metodolohiya, samantalang ang Literary Response Theory ang nagsilbing batayan sa pagsusuri ng kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan.

4. Metodolohiya

Disenyo ng Pananalisksik

Ginamit sa pag-aaral ang Convergent Mixed Methods Design upang pagsamahin ang kwantitatibo at kwalitatibong datos at makabuo ng komprehensibong pag-unawa sa kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral (Creswell & Plano Clark, 2018). Sabay na isinagawa ang pangangalap ng datos mula Hulyo hanggang Agosto 2026. Ginamit ang deskriptibong disenyo sa kwantitatibong bahagi upang masukat ang antas ng kasanayan, samantalang penomenolohikal na disenyo naman ang ginamit sa kwalitatibong bahagi upang maunawaan ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral. Magkahiwalay na sinuri ang dalawang uri ng datos bago isinagawa ang integrasyon sa pamamagitan ng paghahambing at pag-uugnay ng mga resulta.

Lokal at mga Kalahok ng Pag-aaral

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Isinagawa ang pananaliksik sa limang piling pribadong paaralan sa Rehiyon XI na kumakatawan sa magkakaibang lalawigan at lokasyong urban at rural. Kabilang sa kwantitatibong bahagi ang 300 mag-aaral na may edad 12–15 taong gulang, na pinili sa pamamagitan ng Proportionate Stratified Random Sampling. Samantala, gumamit ng purposive sampling sa pagpili ng 17 kalahok para sa kwalitatibong bahagi: pitong (7) mag-aaral para sa In-Depth Interview at sampu (10) para sa Focus Group Discussion. Tiniyak ang boluntaryong paglahok sa pamamagitan ng parental consent at child assent.

Instrumento ng Pag-aaral

Gumamit ng inangkop na talatanungan mula sa Aspects of Literary Response: A New Questionnaire nina Miall at Kuiken (1995), na binubuo ng 68 aytem at pitong dimensiyon ng pagpapahalagang pampanitikan. Sumailalim ito sa pagsusuri ng limang eksperto at pilot testing sa 30 mag-aaral upang matiyak ang bisa at pagiging maaasahan. Para naman sa kwalitatibong bahagi, gumamit ng balidong gabay sa panayam para sa IDI at FGD na binubuo ng mga bukas na tanong.

Pangangalap at Pagsusuri ng Datos

Isinagawa ang pangangalap ng datos matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot mula sa UIC-REC, Graduate School, at mga kinauukulang paaralan. Gumamit ng talatanungan para sa kwantitatibong datos at IDI at FGD para sa kwalitatibong datos. Sa pagsusuri, ginamit ang mean, standard deviation, t-test, at ANOVA para sa kwantitatibong datos, samantalang thematic analysis naman para sa kwalitatibong datos. Sa huli, pinag-ugnay ang dalawang resulta gamit ang joint display table upang matukoy ang pagkakatugma, pagkakaiba, at mas malalim na pagpapakahulugan sa mga natuklasan.

Etikal na Konsiderasyon

Sinunod sa pag-aaral ang mga pamantayang etikal at ang Republic Act No. 10173 o Data Privacy Act of 2012. Gumamit ng participant codes upang mapangalagaan ang identidad ng mga kalahok, habang ang mga datos ay itinago sa ligtas at may limitadong akses. Isinagawa rin ang member checking upang matiyak ang katumpakan ng interpretasyon sa mga salaysay ng mga kalahok.

5. Mga Natuklasan

Talahanayan 1

Antas ng Kasanayan ng Pagpapahalagang Pampanitikan ng mga Mag-aaral sa Panahon ng Digitalisasyon sa mga Pribadong Paaralan

Aytem	Mean	SD	Diskripsyon

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

21.	Patuloy kong naiisip ang mga tauhan sa mga gusto kong nobela at mga kwento na para bang tunay silang mga tao	4.35	0.665	Pinakamataas
Mean		4.25	0.479	Pinakamataas
C. Kalinawan ng Imahinasyon				
22.	Madalas kong nakikita nang malinaw ang mga lugar sa mga kuwentong aking binabasa na para bang tumitingin ako sa isang larawan	4.27	0.706	Pinakamataas
23.	Madali kong naiisip ang mga tao at lugar na inilalarawan sa isang nobela o maikling kuwento.	4.20	0.719	Pinakamataas
24.	Naiisip ko minsan na kaya kong gumuhit ng mapa ng mga lugar na nabasa ko sa isang akdang kathang-isip	4.07	0.751	Mataas
25.	Minsan, ang isang tagpo sa kwento o tula ay napakalinaw kaya't tila alam ko ang amoy, haplos, at kabuuang damdamin nito	4.17	0.701	Mataas
26.	Naririnig ko madalas ang mga diyalogo sa isang nobela na para bang nakikinig ako sa isang tunay na pag-uusap	4.20	0.700	Pinakamataas
27.	Nagiging isang buo at malinaw ang inilalarawang tagpo sa aking isipan kapag nagbabasa ako ng isang tekstong pampanitikan	4.15	0.723	Mataas
28.	Maramdaman ko ano ang pakiramdam na naroroon sa tagpong iyon	4.27	0.687	Pinakamataas
29.	Naririnig ko sa aking isipan ang tono ng pananalita ng mga tauhan sa isang kuwento o nobela.	4.33	0.650	Pinakamataas
30.	Madalas kapag nagbabasa ako ng mga tekstong pampanitikan, ang paglalarawan ng mga amoy ay nagpapahiwatig ng mga kulay, at ang mga kulay naman ay nagpapahiwatig ng mga damdamin, at iba pa	4.26	0.717	Pinakamataas
Mean		4.21	0.496	Pinakamataas
D. Pagbabasa Bilang Libangan at Pagtakas				
31.	Nais ko minsan magbasa ng isang magandang aklat upang maglibang lamang	4.19	0.729	Mataas
32.	Paborito kong gawain ay ang pagbabasa ng nobela kapag may libreng oras ako	4.09	0.760	Mataas
33.	Madalas ay hindi ko mabitawan ang isang kwento hanggang hindi ko ito natatapos	4.19	0.710	Mataas
34.	Ang pagbabasa ko ng panitikan ay isang kasiya-siyang paraan ng paggugol ng oras kapag wala akong ibang ginagawa	4.19	0.698	Mataas
35.	Ang pagbabasa ng kwento ay isang napakagandang paraan upang makapagpahinga	4.30	0.682	Pinakamataas
36.	Tuluyan kong nakakalimutan ang oras habang nagbabasa	4.18	0.729	Mataas
37.	Natutuklasan kong malaking tulong ang pagbabasa ng panitikan upang maalis sa isip ko ang aking mga suliranin	4.24	0.721	Pinakamataas
38.	Gusto kong lubusang malubog sa mundo ng tekstong pampanitikan hanggang sa makalimutan ko ang aking mga pang-araw-araw na alalahanin.	4.07	0.723	Mataas
39.	Kapag may natuklasan akong akda ng isang may-akdang gusto ko, karaniwan kong sinisikap basahin ang iba pa niyang mga akda.	4.17	0.701	Mataas

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

40.	Madalas akong maging lubhang abala sa aking binabasa hanggang sa hindi ko na namamalayan ang aking sarili	4.10	0.740	Mataas
41.	Madalas kong naisin na magkaroon pa ako ng mas maraming oras para sa pagbabasa ng panitikan	4.13	0.702	Mataas
Mean		4.17	0.503	Mataas
E. Pag-alala sa May-akda				
42.	Ang pangunahing layunin sa pagbabasa ko ng panitikan ay ang malaman ang mga tema at kaisipang pinahahalagahan ng isang may-akda	4.33	0.689	Pinakamataas
43.	Nais kong pagtuunan ng pansin ang natatanging estilo ng may-akda	4.15	0.707	Mataas
44.	Ang pangunahing interes ko sa pagbabasa ay ang matutuhan ang iba't ibang genre ng panitikan	4.10	0.758	Mataas
45.	Gusto kong makita kung paano nauugnay ang akda ng isang may-akda sa iba pang panitikan sa kaniyang panahon	4.16	0.720	Mataas
46.	Karaniwan kong sinusubukang tukuyin ang mga natatanging tema ng isan akda	4.11	0.751	Mataas
47.	Ang pangunahing interes ko sa pagbabasa ng panitikan ay ang pagpapahalaga sa pag-unawa ng may-akda sa lipunan at kultura	4.20	0.737	Pinakamataas
48.	Mas kawili-wili ang panitikan kapag nagbibigay ito ng kaalaman tungkol sa buhay ng may-akda	4.25	0.729	Pinakamataas
49.	Nagsisikap akong malaman ang ilang impormasyon tungkol sa may-akda kung makakatagpo ako ng panitikang gusto ko	4.16	0.704	Mataas
50.	Ang hamon ng panitikan sa akin ay ang pag-unawa sa natatanging pananaw ng may-akda tungkol sa buhay	4.15	0.723	Mataas
51.	Madalas akong naaakit sa mga teknik pampanitikan ng isang may-akda	4.20	0.730	Pinakamataas
Mean		4.18	0.531	Mataas
F. Pagbabasang Nakatuon sa Kuwento				
52.	Gusto kong makita kung paano tumitindi ang tensiyon sa banghay ng isang kuwento	4.39	0.683	Pinakamataas
53.	Pinakagusto kong uri ng panitikan ay ang nagsasalaysay ng isang kawili kuwento	4.30	0.681	Pinakamataas
54.	Ang pinakamahalagang bahagi ng kathang-isip o dula ay ang banghay	4.26	0.726	Pinakamataas
55.	Ang pinakagusto kong malaman ay kung paano magta-tapos ang kuwento sa binasang nobela.	4.31	0.671	Pinakamataas
56.	Mas gusto ko kapag ang isang kuwento ay may hindi inaasahang wakas	4.36	0.697	Pinakamataas
57.	Mas nais kong magbasa ng kathang-isip na maraming aksiyon o pangyayari	4.31	0.690	Pinakamataas
58.	Ang pangunahing interes ko ay makita kung ano ang mangyayari sa mga tauhan	4.40	0.698	Pinakamataas
59.	nahihirapan akong magbasa ng nobela kung tila walang gaanong nangyayari sa kuwento	4.31	0.723	Pinakamataas
Mean		4.33	0.503	Pinakamataas
G. Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan				
60.	Nararapat na mas kaunting oras ang ginugugol sa pag-uusap o pagsusulat tungkol sa panitikan	3.28	1.058	Katamtaman

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

61.	Sa tingin ko hindi dapat maglaan ng napakaraming oras dito ang mga mataas na paaralanat ituro ng maayos	3.27	1.059	Katamtaman
62.	Nasisira sa tingin ko ang isang akdang pampanitikan kapag sinusubukan itong suriin nang labis	3.26	1.066	Katamtaman
63.	Isa sa mga bagay na hindi ko gusto bilang mag-aaral ng panitikan ay ang gurong nagsasabi kung ano lamang ang kahulugan ng isang akdang pampanitikan	3.31	0.958	Katamtaman
64.	Dapat ipaubaya na lamang sa mga iskolar ng panitikan at mga historyador ang pagbabasa ng mga tekstong nagmula sa nakaraang siglo	3.10	1.124	Katamtaman
65.	Hindi ako naniniwalang may kabuluhang panlipunan ang panitikan	3.09	1.091	Katamtaman
66.	Hindi ko nagustuhan ang asignaturang Ingles noong hayskul dahil karamihan sa mga tekstong ipinabasa sa akin ay hindi ko naman pipiliing basahin	3.02	1.151	Katamtaman
67.	Madalas pinakakumplikado ng mga akdang pampanitikan ang mga usapin sa buhay kaysa sa tunay na kalagayan ng mga ito	3.21	1.043	Katamtaman
68.	Kung nais kong maglaan ng oras sa pagbabasa, hindi ako pumipili ng mga "pampanitikang" teksto.	3.26	1.082	Katamtaman
Mean		3.20	0.916	Katamtaman
Pangkalahatang Mean		4.10	0.390	Mataas

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang paglalarawan kasanayan ng pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa panahon ng digitalisasyon sa mga pribadong paaralan sa Rehiyon XI. Ang deskriptibong antas ay Mataas na may kabuoang mean na 4.10 na nangangahulugang madalas na ipinamamalas ng mga mag-aaral ang mga kasanayang ito, at may kabuoang *standard deviation* na 0.39, na nagpapakita ng pagkapareho ng kanilang tugon. Ibig sabihin, ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahalagang pampanitikan ay karaniwang sinang-ayunan.

Pananaw. Nagtala ng mean na 4.38 (SD = 0.408), na may interpretasyong Pinakamataas. Ipinakikita nito ang mahusay na pag-uugnay ng mga mag-aaral sa pananaw at karanasan sa akda, na may pinakamataas na mean na 4.52 at pinakamababang 4.20.

Empatiya. Nakakuha ng mean na 4.25 (SD = 0.479), na may interpretasyong Pinakamataas. Ipinahihiwatig nito ang mataas na kakayahang makiramay sa mga tauhan, na may mean mula 4.17 hanggang 4.35.

Kalinawan ng Imahinasyon. Nagtala ng mean na 4.21 (SD = 0.496), na may interpretasyong Pinakamataas. Ipinakikita nito ang kakayahang bumuo ng malinaw na imahen habang nagbabasa, na may mean mula 4.07 hanggang 4.33.

Pagbabasa Bilang Libangan at Pagtakas. Nakakuha ng mean na 4.17 (SD = 0.503), na may interpretasyong Mataas. Ipinahihiwatig nito na ginagamit ang pagbabasa bilang libangan at pagpapahinga, na may mean mula 4.07 hanggang 4.30.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Pag-alala sa May-akda. Nagtala ng mean na 4.18 (SD = 0.531), na may interpretasyong Mataas. Ipinakikita nito ang interes sa kaisipan at pagpapahalaga ng may-akda, na may mean mula 4.10 hanggang 4.33.

Pagbabasang Nakatuon sa Kuwento. Nakakuha ng mean na 4.33 (SD = 0.503), na may interpretasyong Pinakamataas. Ipinahihiwatig nito ang malaking interes sa banghay at kapalaran ng mga tauhan, na may mean mula 4.26 hanggang 4.40.

Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan. Nagtala ng mean na 3.20 (SD = 0.916), na may interpretasyong Katamtaman. Ipinakikita nito ang ilang pag-aalinlangan sa pagtuturo at interpretasyon ng panitikan, na may mean mula 3.02 hanggang 3.31.

Makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng pagpapahalagang pampanitikan batay sa edad, kasarian, at uri ng lugar ng pampribadong paaralan

Talahanayan 2.1
Makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng pagpapahalagang pampanitikan batay sa Edad

Panukat	Edad				F	P-value	Puna
	12 Mean	13 Mean	14 Mean	15 Mean			
Pananaw	4.50	4.40	4.33	4.34	1.9945	.118	Hindi Makabuluhan
Empatiya	4.27	4.25	4.33	4.34	0.0600	.981	Hindi Makabuluhan
Kalinawan ng Imahinasyon	4.30	4.22	4.33	4.34	0.5242	.666	Hindi Makabuluhan
Pagababasa Bilang Libangan at Pagtakas	4.21	4.18	4.33	4.34	1.0109	.390	Hindi Makabuluhan
Pag-alala sa May-akda	4.27	4.18	4.33	4.34	1.6044	.191	Hindi Makabuluhan
Pagbabasang Nakatuon sa Kuwento	4.37	4.18	4.33	4.34	0.8695	.459	Hindi Makabuluhan
Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan	3.47	4.18	4.33	4.34	2.9311	.036	Makabuluhan
Pangkalahatang Marka	4.20	4.18	4.33	4.34	1.5100	.215	Hindi

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
pangkalahatang kasanayan ng dalawang pangkat sa pagpapahalagang pampanitikan at walang sapat na estadistikal na ebidensiya upang sabihing may kaugnayan ang kasarian sa pagkakaiba ng kanilang mga marka.

Talahanayan 2.3
Makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng pagpapahalagang pampanitikan batay sa Uri ng lugar ng pampribadong paaralan

Panukat	Uri ng lugar ng pampribadong paaralan					Puna
	Rural Mean	Urban Mean	t Mean	df Mean	p Mean	
Pananaw	4.35	4.42	-1.460	298	.145	Hindi Makabuluhan
Empatiya	4.18	4.34	-2.777	298	.006	Makabuluhan
Kalinawan ng Imahinasyon	4.16	4.29	-2.147	298	.033	Makabuluhan
Pagababasa Bilang Libangan at Pagtakas	4.12	4.25	-2.250	298	.025	Makabuluhan
Pag-alala sa May-akda	4.13	4.26	-2.231	298	.026	Makabuluhan
Pagbabasang Nakatuon sa Kuwento	4.29	4.38	-1.503	298	.134	Hindi Makabuluhan
Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan	3.17	3.25	-0.700[a]	298	.484	Hindi Makabuluhan
Pangkalahatang Marka	4.06	4.17	-2.465[a]	298	.014	Makabuluhan

Ipinakikita sa Talahanayan 2.3, ang pangkalahatang marka sa kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan batay sa uri ng lugar ng pampribadong paaralan ay may t-value na -2.465 at p-value na .014. Dahil mas mababa ang p-value sa 0.05 na antas ng kabuluhan, may makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang marka ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang rural at urban. Mas mataas ang mean ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang urban (4.17) kaysa sa mga paaralang rural (4.06). Ipinahihiwatig nito na nagkakaiba ang pangkalahatang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng dalawang pangkat, kung saan mas mataas ang naitalang marka ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang urban.

Mga paninindigan ng mga mag-aaral batay sa kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan sa panahon ng digitalisasyon

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx

Talahanayan 3

Mga paninindigan ng mga mag-aaral batay sa kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan sa panahon ng digitalisasyon

Mga Paunang ItinakdangTema	Pangunahing Kaisipan
Pananaw	Pag-uugnay ng mensahe at mga pangyayari sa akda sa sariling karanasan sa buhay
	Pagkakaroon ng bago at mas malawak na pananaw bunga ng pagbabasa ng panitikan
	Pagkilala sa mahahalagang aral ng akda na maaaring mailapat sa pang-araw-araw na buhay
	Pag-unawa sa mas malalim na kahulugan ng mga pangyayari at sitwasyong inilalahad sa akda
	Pagninilay sa sariling paniniwala, pagpapahalaga, at pananaw matapos basahin ang akda
	Pagtingin sa panitikan bilang paraan upang higit na maunawaan ang buhay, tao, at lipunan
Empatiya	Pakikiramdam at pakikiisa sa mga emosyon at karanasang pinagdaraanan ng mga tauhan
	Paglalagay ng sarili sa kalagayan ng mga tauhan upang maunawaan ang kanilang sitwasyon
	Pag-unawa sa mga dahilan sa likod ng kilos, desisyon, at damdamin ng mga tauhan
	Pagkakaroon ng malasakit sa mga tauhang dumaranas ng paghihirap, suliranin, at pagsubok
	Pagkilala at paggalang sa magkakaibang damdamin, pananaw, at karanasan ng ibang tao
	Pagpapaunlad ng pakikiramay at pag-unawa sa kapwa sa pamamagitan ng mga karanasang inilalarawan sa panitikan
Kalinawan ng Imahinasyon	Malinaw na pagbubuo sa isipan ng tagpuan, sitwasyon, at mga pangyayaring inilalarawan sa akda
	Paglikha sa isipan ng malinaw na larawan ng anyo, kilos, at katangian ng mga tauhan
	Pagdama at paggunita sa atmospera at kapaligirang inilalarawan sa binabasang akda
	Pagiging buhay at makatotohanan sa isipan ng mga eksena at pangyayari habang nagbabasa

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

	Paggamit ng malikhaing imahinasyon upang higit na maunawaan at maranasan ang kuwento
	Pagpapalawak ng malikhaing pag-iisip sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling larawan ng mga pangyayari
Pagababasa Bilang Libangan at Pagtakas	Paggamit sa pagbabasa bilang paraan ng pagpapahinga mula sa pang-araw-araw na gawain at responsibilidad
	Pagkakaroon ng kasiyahan, aliw, at positibong damdamin mula sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan
	Pansamantalang paglayo sa mga personal na problema at alalahanin sa pamamagitan ng pagbabasa
	Pagbabasa bilang paraan upang mabawasan ang pagkabagot, pagod, at stress sa araw-araw
	Pagpasok sa ibang mundo, panahon, at karanasan sa pamamagitan ng mga kuwentong binabasa
	Pagpili sa pagbabasa bilang isang makabuluhan at kasiya-siyang libangan sa gitna ng digital na panahon
Pag-alala sa May-akda	Pagbibigay-pansin sa layunin at mensaheng nais ipabatid ng may-akda sa kaniyang akda
	Pagkilala sa pananaw, paniniwala, at pagpapahalagang ipinahahayag ng may-akda sa kaniyang pagsulat
	Pag-uugnay sa karanasan at kalagayan ng may-akda sa mga ideyang nakapaloob sa akda
	Pagkilala sa natatanging estilo, wika, at paraan ng pagpapahayag na ginamit ng may-akda
	Pagsasaalang-alang sa konteksto at pinagmulan ng may-akda upang higit na maunawaan ang akda
	Pagpapahalaga sa papel at ambag ng may-akda sa pagbuo ng kahulugan at mensahe ng akda
Pagbabasang Nakatuon sa Kuwento	Pagbibigay ng pangunahing pansin sa daloy at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento
	Pagkakaroon ng interes at pananabik sa mga susunod na mangyayari sa mga tauhan
	Masusing pagsubaybay sa mga tunggalian, suliranin, at paraan ng paglutas sa mga ito
	Pagpapatuloy sa pagbabasa dahil sa kawili-wili at kapanapanabik na pag-unlad ng banghay

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

	Pagbibigay-halaga sa wakas at sa kabuuang kinalabasan ng mga pangyayari sa kuwento
	Pagpili at pagpapahalaga sa mga akdang may kawili-wili, malinaw, at makabuluhang salaysay
Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan	Pagtingin sa ilang akdang pampanitikan bilang hindi gaanong mahalaga o makabuluhan sa kasalukuyang panahon
	Pagbibigay-priyoridad sa mabilis at agarang impormasyon kaysa sa masinsin at malalim na pagbabasa
	Pagkawala ng interes sa mahahaba, komplikado, at nangangailangan ng masusing pag-unawang mga akda
	Pagpili sa maiikli, madaling maunawaan, at madaling ma-access na nilalamang matatagpuan sa digital na plataporma
	Pagtingin sa ilang tradisyonal na akda bilang hindi gaanong kaugnay sa kasalukuyang interes at karanasan ng kabataan
	Pagkakaroon ng limitadong pagpapahalaga sa masining, simboliko, at malalim na katangian ng mga akdang pampanitikan

Pananaw. Ang temang pananaw ay nakatuon sa pag-uugnay ng mensahe at mga pangyayari sa akdang pampanitikan sa sariling karanasan ng mambabasa. Ipinakikita nito na sa pamamagitan ng pagbabasa, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng bago at mas malawak na pag-unawa sa buhay, pagkilala sa mahahalagang aral na maaaring ilapat sa pang-araw-araw na sitwasyon, at pag-unawa sa damdamin at karanasan ng ibang tao. Nagsisilbi rin ang panitikan bilang gabay sa pagbuo ng mga pasiya, pagharap sa mga suliranin, at pagpapaunlad ng sariling pananaw, saloobin, at pag-uugali.

Empatiya. Ang temang empatiya ay nakatuon sa pakikiramdam at pakikiisa sa mga emosyon at karanasang pinagdaraanan ng mga tauhan sa akdang pampanitikan. Naipakikita ito sa kakayahan ng mga mag-aaral na ilagay ang kanilang sarili sa kalagayan ng mga tauhan upang higit na maunawaan ang kanilang sitwasyon, damdamin, at mga suliranin. Kabilang din dito ang pag-unawa sa mga dahilan sa likod ng kilos at desisyon ng mga tauhan, sa halip na agad silang husgahan. Sa pamamagitan ng ganitong pagdulog sa panitikan, nahuhubog ang pagiging sensitibo ng mga mag-aaral sa karanasan ng iba at napauunlad ang kanilang kakayahang umunawa, gumalang, at makiramay sa iba't ibang kalagayan ng tao.

Kalinawan ng Imahinasyon. Ang temang kalinawan ng imahinasyon ay nakatuon sa kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng malinaw na larawan sa kanilang isipan tungkol sa tagpuan, sitwasyon, tauhan, at mga pangyayaring inilalarawan sa akdang pampanitikan. Kabilang dito ang paglikha ng imahen ng anyo, kilos, at katangian ng mga tauhan, gayundin ang pagdama at paggunita sa atmospera at kapaligirang inilalahad sa binabasang akda. Sa pamamagitan ng mga paglalarawan at detalyeng pampanitikan, nagiging mas buhay at

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Pagbibigya-katuturan ang mga pangkatang baryabol ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa paglinang sa kasanayan ng pagpapahalagang pampanitikan sa panahon ng digitalisasyon

Pananaw. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral batay sa edad ($F = 1.9945$, $p = .118$), kasarian ($t = -0.158$, $p = .875$), at lokasyon ng paaralan ($t = -1.460$, $p = .145$). Ipinakikita nito na magkakatulad ang kanilang pag-unawa sa mensahe at aral ng panitikan anuman ang mga nabanggit na baryabol. Sinusuportahan ito ng mga salaysay na nagpapakita ng pag-uugnay ng mga aral ng kuwento sa sariling karanasan.

Empatiya. Walang makabuluhang pagkakaiba sa empatiya batay sa edad at kasarian ($p = .05$). Gayunman, may makabuluhang pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ($p = .05$). Ipinahihiwatig nito na magkatulad ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa damdamin ng mga tauhan anuman ang edad at kasarian, ngunit nagkakaiba ito batay sa lokasyon. Ipinakikita rin ng kanilang mga salaysay ang kahalagahan ng pag-uugnay ng karanasan ng mga tauhan sa sariling kapaligiran.

Kalinawan ng Imahinasyon. Walang makabuluhang pagkakaiba batay sa edad at kasarian ($p = .05$), ngunit may makabuluhang pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ($p = .05$). Ipinahihiwatig nito na magkatulad ang kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng larawang pangkaisipan anuman ang edad at kasarian, ngunit nagkakaiba ang kanilang karanasan batay sa lokasyon. Pinatutunayan ng kanilang mga salaysay na nakatutulong ang mga pamilyar na tanawin at karanasan sa pagbuo ng imahinasyon.

Pagbabasa Bilang Libangan at Pagtakas. Walang makabuluhang pagkakaiba batay sa edad at kasarian ($p = .05$), samantalang may makabuluhang pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ($p = .05$). Ipinakikita nito na kapwa itinuturing ng mga mag-aaral ang pagbabasa bilang paraan ng pagpapahinga at paglilibang, bagama't nagkakaiba ang kanilang karanasan batay sa lokasyon.

Pag-alala sa May-akda. Walang makabuluhang pagkakaiba batay sa edad at kasarian ($p = .05$), ngunit may makabuluhang pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ($p = .05$). Ipinahihiwatig nito na magkatulad ang pagbibigay-pansin ng mga mag-aaral sa mensahe at layunin ng may-akda, ngunit nagkakaiba ang kanilang pag-unawa batay sa lokasyon.

Pagtanggi sa mga Halagang Pampanitikan. May makabuluhang pagkakaiba batay sa edad ($F = 2.9311$, $p = .036$), ngunit walang makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian ($t = -1.852$, $p = .065$) at lokasyon ng paaralan ($t = -.700$, $p = .484$). Ipinakikita nito na maaaring magkaiba ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa panitikan ayon sa edad, samantalang hindi ito naiiba batay sa kasarian at lokasyon. Gayunman, ipinahihiwatig ng kanilang mga salaysay na kinikilala pa rin nila ang kahalagahan ng mga aral sa akdang hindi man nila lubos na kinagigiliwan.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

	Batay sa edad, ang *p-value* na .215 ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang pagkakaiba.	Ipinakita ng mga salaysay na magkakatulad ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral anuman ang kanilang edad, partikular sa paraan ng kanilang pag-unawa, pagdama, at pagbibigay-kahulugan sa mga akda.	Pagsasanib ng nagtatagpong mga resulta
	Batay sa kasarian, ang *p-value* na .555 ay nagpapahiwatig din na walang makabuluhang pagkakaiba.	Lumitaw sa mga salaysay na walang kapansin-pansing pagkakaiba sa pagpapahalagang pampanitikan batay sa kasarian, sapagkat kapwa naipakikita ng mga mag-aaral ang interes, emosyonal na pakikiugnay, at pagpapahalaga sa mga akdang binabasa.	Pagsasanib ng nagtatagpong mga resulta
	Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba batay sa uri ng lugar ng pampribadong paaralan, na may *p-value* na .014, na	Ipinakita ng mga salaysay na nagkakaiba ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral ayon sa uri ng lugar ng kanilang paaralan, bunga ng pagkakaiba sa kanilang	Pagsanib na nagpapalawak

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

	nagpapahiwatig ng istatistikal na kabuluhan.	pagkakalantad at akses sa digital na kagamitan, mga babasahin, oportunidad sa pagbabasa, at mga karanasang pampanitikan.	

Makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng pagpapahalagang pampanitikan batay sa edad, kasarian, at uri ng lugar ng pampribadong paaralan

Edad. Sinusuportahan ng mga kaugnay na pag-aaral ang kinalabasan ng kasalukuyang pananaliksik na nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral batay sa edad. Sa pag-aaral nina Muela-Bermejo et al., (2025), na gumamit ng *Literary Response Questionnaire* sa mga kabataang mag-aaral, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan ang edad sa alinman sa mga dimensiyon ng pagtugon sa panitikan. Ipinahihiwatig nito na sa kanilang mga kalahok, hindi sapat ang edad lamang upang maipaliwanag ang pagkakaiba sa paraan ng pagtugon at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan. Kaayon nito, natuklasan nina Balisoro et al., (2025) na walang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa batay sa edad at baitang. Bagaman nakatuon ang kanilang pag-aaral sa kasanayan sa pagbasa at hindi tuwirang sa pagpapahalagang pampanitikan, nagbibigay ito ng karagdagang batayan na hindi awtomatikong nagkakaroon ng pagkakaiba sa mga gawaing may kaugnayan sa pagbasa dahil lamang sa edad ng mga mag-aaral.

Kasarian. Walang natuklasang makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral batay sa kasarian. Kaugnay nito, sinuri nina Wilkinson et al. (2020) ang mga salik na nakaaapekto sa interes at pagpili ng mga kabataan sa pagbabasa, kabilang ang kanilang mga karanasan at aksis sa mga babasahin. Ipinakikita ng kanilang pag-aaral na mahalagang isaalang-alang ang iba-ibang salik na humuhubog sa karanasan sa pagbabasa. Sa kasalukuyang pag-aaral, ipinahihiwatig ng resulta na hindi sapat ang kasarian upang maipaliwanag ang pagkakaiba sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral; maaari ring isaalang-alang ang kanilang interes, karanasan, at pagkakalantad sa mga akdang pampanitikan.

Uri ng Lugar ng Paaralan. Ipinakita sa mga kaugnay na pag-aaral na maaaring magkaroon ng pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa at literasi ng mga mag-aaral batay sa lokasyon ng paaralan. Sa pag-aaral ni Bachore (2022) natuklasan na mas mataas ang marka ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang urban kaysa sa mga paaralang rural sa ilang pagsusulit sa literasi sa wikang Ingles. Gayunman, lumitaw din na hindi pare-pareho

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
ang pagkakaibang ito sa lahat ng pangkat ng mag-aaral, sapagkat walang makabuluhang pagkakaiba sa mga mag-aaral na kabilang sa pangkat na may mababang akademikong pagganap.

Pinagsamang Paglalahad ng Kwantitatibo at Kwalitatibong Datos

Ang kahalagahan ng pagbabasa ng panitikan sa paglinang ng emosyonal, personal, at panlipunang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinakita nina Santi et al. (2025) ang ambag ng pagbabasa sa empatiya at pag-unawa sa karanasan ng ibang tao; binigyang-diin naman nina Santa María et al. (2024) ang papel ng digital na kapaligiran sa pagpapaunlad ng pakikilahok ng kabataan sa panitikan; samantalang ipinakita nina Dylman et al. (2020) ang kaugnayan ng pagbabasa sa paglinang ng bokabularyong emosyonal. Kaayon ng mga natuklasang ito, ipinakikita ng pangkalahatang mean na 4.17 sa kasalukuyang pag-aaral na mataas ang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na nagagamit nila ang pagbabasa hindi lamang sa pag-unawa sa mensahe at aral ng mga akda, kundi maging sa paglinang ng empatiya, imahinasyon, at pag-uugnay ng mga tekstong binabasa sa sariling karanasan. Samakatuwid, mahalagang ipagpatuloy ang paggamit ng mga estratehiyang pampagtuturo na nagtataguyod ng makabuluhang pagbasa at aktibong pakikilahok sa panitikan, kabilang ang mga gawaing gumagamit ng angkop na digital na kagamitan.

7. Implikasyon ng Pag-aaral

Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang pagpapahalagang pampanitikan ay hindi lamang nakabatay sa pag-unawa sa akda kundi maging sa personal na karanasan, emosyon, imahinasyon, at kakayahang maiugnay ang mga aral sa tunay na buhay. Dahil dito, mahalagang isulong ang mga estratehiyang nakasentro sa mambabasa na nagbibigay ng pagkakataong magpahayag ng sariling interpretasyon at kritikal na pagsusuri.

Ipinakikita rin ng pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ang pangangailangang matiyak ang pantay na oportunidad sa pagkatuto, lalo na sa akses sa mga kagamitang digital at sangguniang pampanitikan. Samakatuwid, kailangang iangkop ng mga guro ang mga estratehiya sa pagtuturo sa kalagayan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral sa urban at rural na paaralan.

Bukod dito, mahalagang palakasin ang mga gawaing pampanitikan tulad ng reflective journal, literary discussion, reading circles, digital storytelling, at podcast upang malinang ang pananaw, empatiya, at imahinasyon ng mga mag-aaral. Nararapat ding pumili ng mga akdang angkop sa kanilang edad, interes, at karanasan upang higit na mapataas ang kanilang pakikilahok at pagpapahalaga sa panitikan.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxxx
Sa kabuuan, nagsisilbing batayan ang mga natuklasan sa pagbuo ng mga programang pampanitikan na pinagsasama ang makabuluhang karanasan sa pagbasa at paggamit ng teknolohiya upang mapalakas ang pagtuturo at pagpapahalaga sa Panitikang Filipino sa panahon ng digitalisasyon.

8. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napatunayang mataas ang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral, na may pangkalahatang mean na 4.17. Ipinakikita nito ang kanilang kakayahang umunawa sa mensahe ng akda, makiramay sa mga tauhan, gumamit ng imahinasyon, at maiugnay ang panitikan sa sariling karanasan. Gayunman, katamtaman ang kanilang pagtanggi sa mga halagang pampanitikan, na nagpapahiwatig na may ilang akdang hindi gaanong naaayon sa kanilang interes at karanasan. Natuklasan ding walang makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan batay sa edad ($p = .215$) at kasarian ($p = .555$). Gayunpaman, may makabuluhang pagkakaiba batay sa lokasyon ng paaralan ($p = .014$), kung saan mas mataas ang pangkalahatang mean ng mga mag-aaral mula sa mga paaralang urban kaysa rural. Ipinakikita nito ang kahalagahan ng konteksto at mga oportunidad sa pagkatuto sa paglinang ng pagpapahalagang pampanitikan. Batay naman sa mga salaysay ng mga kalahok, mahalaga ang panitikan sa paghubog ng pag-unawa sa sarili at kapwa, empatiya, imahinasyon, at pag-uugnay ng mga aral sa tunay na buhay. Nagsisilbi rin itong paraan ng paglilibang at pagpapahinga. Gayunman, nakaaapekto sa interes ng mga mag-aaral ang kahirapan ng ilang akda at kawalan ng kaugnayan ng mga ito sa kanilang sariling karanasan. Sa kabuuan, ipinakita ng integrasyon ng kwantitatibo at kwalitatibong datos na ang pagpapahalagang pampanitikan ay nahuhubog sa pamamagitan ng ugnayan ng mambabasa sa akda, personal na karanasan, interes, at konteksto ng pagkatuto. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ang mga aspektong ito sa paglinang ng makabuluhan at angkop na pagtuturo ng Panitikang Filipino sa panahon ng digitalisasyon.

9. Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang sumusunod:

1. Para sa mga guro sa Filipino, gumamit ng mga estratehiyang magpapalalim sa pag-unawa, empatiya, imahinasyon, at pag-uugnay ng mga aral ng akda sa karanasan ng mga mag-aaral, kabilang ang paggamit ng mga digital na kagamitan.

2. Para sa mga administrador ng paaralan, tiyakin ang pantay na akses sa mga babasahin, digital na kagamitan, at kagamitang pampanitikan, lalo na sa mga paaralang rural.

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

3. Para sa mga tagapagdisenyo ng kurikulum, pumili at bumuo ng mga akdang angkop sa edad, interes, at karanasan ng mga mag-aaral upang higit na mapalawak ang kanilang pananaw at pagpapahalaga sa panitikan.

4. Para sa mga mag-aaral, linangin ang regular na pagbabasa at kritikal na pagsusuri sa mga akdang pampanitikan, nakalimbag man o digital, at iugnay ang mga aral nito sa sariling karanasan.

5. Para sa mga susunod na mananaliksik, palawakin ang pag-aaral sa iba pang salik tulad ng akses sa teknolohiya, dalas ng pagbabasa, estratehiya sa pagtuturo, at kapaligiran ng pagkatuto upang higit na maunawaan ang pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral.

10. Limitasyon ng Pag-aaral

Nilimitahan ang pag-aaral sa 300 mag-aaral na may edad 12–15 taong gulang mula sa limang piling pribadong paaralan sa Rehiyon XI sa Taong Panuruan 2026–2027. Nakatuon lamang ito sa pitong dimensiyon ng pagpapahalagang pampanitikan batay sa inangkop na Literary Response Questionnaire nina Miall at Kuiken (1995), at hindi saklaw ang lahat ng salik na maaaring makaapekto sa pagpapahalaga sa panitikan.

Nakasalalay din ang mga resulta sa katapatan ng mga sagot sa talatanungan at kahandaang magbahagi ng karanasan sa IDI at FGD. Dahil dito, ang mga natuklasan ay nilimitahan sa mga kalahok, instrumento, at konteksto ng pag-aaral at hindi maaaring ganap na maisaklaw sa lahat ng mag-aaral sa Rehiyon XI.

11. Etikal na Pahayag

Ethical Approval

Nakuha ang pahintulot mula sa naaangkop na institutional research ethics committee bago isinagawa ang pangangalap ng datos.

Informed Consent

Ang lahat ng kalahok ay nagbigay ng informed consent matapos maipaliwanag ang layunin, proseso, boluntaryong katangian ng pakikilahok, at karapatang umatras sa pag-aaral.

Privacy at Digital Ethics

Pinangalagaan ang privacy ng mga kalahok at hindi isinama ang direktang personal identifiers. Ang anumang digital content na sinuri ay ginamit alinsunod sa informed consent at ethical requirements.

Conflict of Interest

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026
xxxx

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Dela Cruz, E. G. B. (2026). Understanding of poetry and appreciation of literature among Grade 7 students. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (1), 7798-7809. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0501707

DepEd Division of Bataan. (2021). *Mga hamon sa pagtuturo ng panitikan sa sekundarya*. Department of Education – Division of Bataan Publications.

Duke, N. K., & Carlisle, J. (2011). The development of comprehension. In M. L. Kamil, P. D. Pearson, E. B. Moje, & P. Afflerbach (Eds.), Handbook of reading research (Vol. 4, pp. 199–228). Routledge.

Erniwati, R., Mertosono, S., & Maghfira, I. (2023). Reading text signals strategy in literature appreciation learning through Indonesian short stories. *Indonesian Journal of Interference Studies*.

Espinosa, I. B., & Calisang, C. P. (2023). Hamon ng mag-aaral kaugnay sa pagkatuto at pagpapahalaga ng panitikan sa Filipino. *Mabato Provincial Community High School & Metro Dumaguete College*. https://doi.org/10.5281/zenodo.13310653

Guthrie, J. T., & Klauda, S. L. (2021). Reading engagement and literary appreciation: Motivational influences. *Reading Research Quarterly, 56*(3), 301–320.

Idowu, S. O. (2023). An examination of senior secondary school students' perceptions of challenges facing teaching and learning of literature in English in Ogun State, Nigeria. *RSI International Journal of Research in Social Sciences*.https://dx.doi.org/10.47772/IJRISS.2023.70753

Iskhak, I., Mujiyanto, J., & Hartono, R. (2020). "No more being stuck" in reading literature: Effects of reader response journal project on EFL teacher trainees' literacy engagement. In *Proceedings of the 4th International Seminar on Education* (pp. 1–8). Atlantis Press. https://doi.org/10.2991/assehr.k.200620.001

Lin, S.-Y. (2020). The unavailability of authorial intent. Theoria, 86(5), 565–582. https://doi.org/10.1111/theo.12266

Lived, W. A., & Ridor-Unciano, M. J. (2022). Personal growth and development of students' literary appreciation. *The Review of Contemporary Scientific and Academic Studies, 2*(7). https://doi.org/10.55454/rcsas.2.7.2022.003

Miall, D. S., & Kuiken, D. (1995). Aspects of literary response: A new questionnaire. *Research in the Teaching of English*, *29*(1), 37–58. [1, 2]

WIKATIKAN: Journal of Languages, Literature and Cultural Researches (JLLCR)
https://jllcr.minduraresearch.com/journal
ISSN (Online) 3116-5788
Volume 1 Issue 3- September – December 2026
Received: September 5, 2026 | Accepted: November 15, 2026 | Published: November 30 , 2026

Parente, F., Conklin, K., Guy, J. M., & Scott, R. (2021). The role of empirical methods in investigating readers' constructions of authorial creativity in literary reading. *Language and Literature, 30*(1), 21–36. https://doi.org/10.1177/0963947020952200

Peñeda, M. (2021). Mga suliranin at lapit sa pagtuturo ng wika at panitikan. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*.

Rosenblatt, L. M. (1994). *The reader, the text, the poem: The transactional theory of the literary work*. Southern Illinois University Press.
Teddlie, C., & Tashakkori, A. (2009). *Foundations of mixed methods research: Integrating quantitative and qualitative approaches in the social and behavioral sciences*. SAGE Publications.https://doi.org/10.4135/9781506350288

Vanden Dool, C., & Simpson, A. (2021). Reading for pleasure: Exploring reading culture in an Australian early years classroom. *Literacy, 55*, 113–124. https://doi.org/10.1111/lit.12247

Villarasa, F. S., & Dipolog, S. B. (2024). Pagdalumat sa hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 10*(3). https://doi.org/10.36713/epra16146

Wasilah, W., Rosmawaty, R., Harahap, H., & Yuhdi, Y. (2024). Challenges in literary appreciation among Indonesian university students. *European Journal of Educational Research*.